

Nag-aalok ang Performing Arts Brampton ng live music, teatro at kultura sa buong Agosto

BRAMPTON, ON (Agosto 12, 2022) – Excited ang Lungsod ng Brampton na mag-alok ng live music, theatrical entertainment at kultura para mag-enjoy ang lahat sa summer na ito kapwa sa Garden Square at sa The Rose Brampton.

Hino-host ng Performing Arts Brampton ang sumusunod na mga palabas:

Stomp N Stampede – Agosto 13, 4 hanggang 8 pm, Garden Square Brampton

Kunin ang iyong sombrero pang-cowboy at ang boots – at pwede ring partner sa sayaw! Nagbabalik ang Stomp N' sa Garden Square sa Agosto 13 para ipagdiwang ang lahat ng bagay na country! Mag-enjoy kina DJ Johnny Rivex spinning live at headliner Nicole Rayy. Plus, huwag kaligtaan ang mga aralin sa pagsasayaw mula sa Double Trouble line dancers.

Across The Pond – Agosto 25, 8 pm, The Rose Brampton

Sumama kay Leisa Way at sa sensational na talentadong 5-piece Lonely Hearts Club Band habang dadalhin ka nila sa isang electrifying musical adventure. Muling buhayin ang ground-breaking time sa kasaysayan nang ang British pop music ay lumundag sa "Across the Pond" salamat sa apat na mop-headed boys mula sa Liverpool na humikayat ng isang nananabik na damdamin ng popularidad. Mabilis na kumalat sa buong North America, nakilala ito bilang, "The British Invasion," at nag-umpisa sa code word na, "Beatlemania"!

Ang Across the Pond ay nagdiriwang sa 50 taon ng British pop at rock music mula sa kapana-panabik na mga sikat sa 60's hanggang sa pinaka-malalaking star ngayon, na sumasaludo sa musical royalty tulad ng/nina: The Beatles, The Rolling Stones, Elton John, Tom Jones, Elvis Costello, The Who, Sting & the Police; Annie Lennox, The Kinks, at marami pang iba! Isuot ang iyong pansayaw na sapatos para sa isang gabi ng saya sa smash hit na concert na ito na ayaw mong kaligtaan!

Monsoon Sound – Agosto 27, 7 pm, The Rose Brampton Lobby

Ang Performing Arts Brampton ay ipinagmamalaking maglingkod sa isang komunidad kung saan 44.3 porsiyento ng mga residente nito ay nagmula sa lahing South Asian. Umuunlad sa magandang Mosaic na ito, ang batang mga komunidad ng South Asian ay lumilitaw bilang mga boses at mga bagong uri ng pagpapahayag. Tingnan ang unique na mga blend ng iba't ibang kultura sa paglitaw ng South Asian hip hop, kung saan ang tradisyonal na mga tunog ng Bhangra ay madalas na ipinapareha sa lahat ng bagay tulad ng classic boom-bap, smooth jazz-rap hanggang sa trap beats, at isang libreng South Asian hip hop festival na curated ni Noyz, na nagtatampok ng:

- Sikh Knowledge & Hey Bombay
- DJ Roshanie
- Siddartha
- Keralanka

Darating sa Setyembre

Flow Fest – Setyembre 17, 7:30 pm, The Rose Brampton

Buksan ang iyong pumipintig na puso sa pinaka-unang Flow Fest, Brampton International Drumming Festival! Ang kapana-panabik na gabing ito na nagtatampok ng mga headliner na The Larnell Lewis Band at The Joy Lapps Project. Ang Grammy Award winning, pinalaki sa Brampton na musikero, ng composer at educator, na si Larnell Lewis at Grammy-nominated na musikero, composer at educator na si Joy Lapps, ay nangunguna sa musical na pagsasanib ng Afro-Caribbean at jazz ensembles na tiyak na magpapa-isa sa mga puso ng mga manonood.

Sumayaw, mag-drum, at maki-party sa Ngoma, isa sa premier youth-led ensembles ng Canada. Hindi natatapos ang gabi rito – kasama si DJ Joshua Lucas, roaming musical ensembles, pagkain, exhibit ng sining at marami pa, ang mga manonood ay lubusang ma-immersed sa gabi ng drumming, musika at kultura mula sa buong mundo.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa nakatakdang palabas ng Performing Arts Brampton [dito](#).

Mga Quote

“Ang Performing Arts Brampton ay patuloy na nag-aalok ng kamangha-manghang lineup ng live music, mga karanasan sa teatro at kultura para ang mga residente at mga panauhin ay mag-enjoy nang mabuti tungo sa Setyembre! Tiyak na matingnan ang lahat ng nakatakdang mga palabas habang nagpapalano sa nalalabing mga linggo ng summer. May isang bagay para mag-enjoy ang bawat isa.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Performing Arts Brampton ay patuloy na nag-aalok ng kapana-panabik at diverse na mga karanasan para ang mga residente at panauhin ay mag-enjoy! Ang Brampton ay isang Mosaic, at ang ating mga karanasan sa kultura ay nakakatulong para paunlarin ang ating komunidad. Hinihikayat ko ang lahat na mag-enjoy nitong natatanging mga musical at entertaining na palabas!”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca